| Peste/Insekto | Paraan ng Pagkontrol |
|---|---|
| Batik-batik | Tanggalin ang mga dahong maysakit at sunugin o ilibing. Mag-isprey ng nilagang bayabas, abokado o akapulko (1 litro ng nilagang halaman sa 16 litrong malinis na tubig). |

### Pagraratoon (optional)



Ang pagraratoon ay ang pagpuputol ng mga matatandang puno upang mahikayat na magsanga at lumitaw ang mga bagong suloy na panibagong bubunga. Ang okra ay nira-ratoon para mabawasan ang gastos sa produksyon.

1. Pagkatapos mag-ani, putulin ang puno at magtira lamang ng isang piye (1 ft) mula sa lupa.
2. Dukalin ng mababaw ang pagitan ng tudling gamit ang araro at maglagay ng abono. Kung gagamit ng sintetikong abono, gumamit ng 10 gramo ng *urea* kada puno. Kung gagamit naman ng organikong pataba, maglagay ng 1/2 kilo ng *compost* kada puno at ispreyan ng binurong katas ng halaman at *vermitea* upang mahikayat na magkaroon ito ng panibagong suloy.
3. Pagkatapos maglagay ng abono, tabunan ng lupa ang inilagay na abono. Patubigan o diligan ito kung hindi sapat ang halumigmig sa lupa.

### Mga Gawain sa Pag-aani at Pagkatapos Mag-ani

### Pag-aani ng Okra



Ang okra ay nag-uumpisa nang mamulaklak simula 40 hanggang 75 na araw pagkatanim depende sa uri ng binhi. Ang mura at malambot na prutas ay pwedeng anihin 4 - 6 na araw pagtapos mamulaklak. Maaari nang anihin ang bunga nito kung ang haba nito ay nasa 3 - 4 na pulgada na may 2 - 3 araw na pagitan. Mainam kung mura pa ang bunga sa pag-aani nito. (Maaaring putulin ang dulo nito upang malaman kung mura pa ang prutas.) Mag-ani sa umaga o sa dapit hapon para mapanatili ang kasariwaan ng bunga.

Ang isang ektaryang taniman ay maaaring umani ng higit sa 18 hanggang 25 tonelada ng prutas. Ang mataas na kalidad ng prutas ay nagdidikta ng mataas na presyo sa merkado.

### Pagpapake ng Okra

1. Sa pagpapake ng naaning prutas, pagbukud-bukurin ang mga naaning prutas ayon sa kalidad nito. Ihiwalay ang mga may sira at di magandang hugis na prutas.
2. Ipake ang okra gamit ang *wooven basket, polyethylene bags, box* at *wooden crates.* Lagyan ng tuyong dahon ng saging o kaya ay lumang dyaryo para maiwasan ang pagkakaroon ng pasa ng prutas. Huwag ding lagyan ng labis na karga ang lalagyan upang maiwasan ang pagkabugbog nito.



*Pinaghalawan ng impormasyon at teknolohiya:*

**Pinoy Rice Knowledge Bank**
Gabay sa Produksyon ng Okra at Gabay sa Produksyon ng Organikong Okra

**Agricultural Training Institute at DA-Regional Field Office Region 2**
Okra Production Guide

Inilimbag sa Tagalog ng:

Department of Agriculture
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center - MIMAROPA

Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro
ati.da.gov.ph/ati-4b
dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph
(043) 738-3663; 0998-539-4229
@atimimaropa

FARMERS CONTACT CENTER
"Ang inyong kaagapay sa usaping agrikultura"
1-800-10-982-2474 (Provincial toll-free)
0920-946-2474
ati.da.gov.ph
elearn.e-extension.gov.ph
info@e-extension.gov.ph



# GABAY SA PAGTATANIM NG OKRA



Ang **Okra** *(Hibiscus esculentus L.)* ay taunang halaman na itinatanim sa halos buong panig ng bansa. Ito ay may malalapad na dahon at dilaw na bulaklak. Ito ay isang uri ng halaman na lumalaki at nabubuhay kahit sa mainit na lugar.

Ang mura nitong prutas ay maaaring gawing salad, nilaga, prito at ihalo sa mga karne, isda na lutuin. Ito rin ay napakahalagang sangkap sa lutuing ilokano tulad ng pinakbet.

### Benepisyo sa Kalusugan ng Okra

**Karaniwang Uri ng Okra**

- *Lady's Finger*
- *Long Green*
- *Long Ribbed*
- *White Velvet*

**Banyagang Uri ng Okra**

- *Clemson*
- *Spineless*
- *Emerald*
- *Perkin Dwarf*

- mayaman sa mga Bitamina A, *protein*, *calcium, fats, potassium, phosphorus, iron* at *carbohydrate*
- panlunas sa *stomach ulcer,* pamamaga ng baga, *colitis* at pananakit ng lalamunan
- mayaman sa fiber na nakakatulong sa pagtunaw ng pagkain
- nakakatulong na makapagpababa ng *serum cholesterol* sa katawan at maiwasan ang sakit sa puso
- nagpapanatili na malusog ang ating bituka at nakakatulong na makaiwas sa sakit na kanser.

### Lupa at Klimatikong Pangangailangan

Ang okra ay nabubuhay sa kahit na anong uri ng lupa pero mas mainam itong itanim sa tinatawag na buhanginang galas (silty) at lagkitang galas (clay loam) na lupa na madaling maalis ang tubig at may mataas na organikong bagay.

Para sa mas mataas na ani, magtanim sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre sa mababang lugar at sa mga buwan naman ng Mayo hanggang Hulyo sa matataas na lugar.

### Kultural na Pangangalaga at Gawain

Pumili ng binhi na nabubuhay ayon sa kondisyon ng lugar, matibay sa sakit at peste at laging nakikita sa merkado para sa mas malaking tubo.

### Paghahanda ng lupa

1. Ihanda sa mas madaling panahon ang lupa nang mas mapabilis ang pagkabulok ng mga damo at iba pang parte ng halaman ng nakaraang taniman.
2. Para sa buhanginang galas na lupa, araruhin at suyurin ito ng isang beses. Kung ang lupa naman ay matigas, suyurin ito ng 2 –3 beses pahalang at pabalagbag na may pagitan ng 1 linggo upang madurog ang mga buo-buong lupa, magkaroon ng tamang daanan ng hangin at gumanda ang pag-uugat ng halaman. Araruhin ng may lalim na 15 -20 sentimetro.
3. Sa araw bago magtanim, gumawa ng tudling na may pagitang 75 sentimetro sa tag-ulan at 100 sentimetro naman sa tag-araw.




### Pagtatanim

Ang okra ay kalimitang itinatanim ng direkta sa lupang taniman. Ang isang ektarya ng lupa ay nangaingailangan ng 7 -10 kilo ng buto.

1. Upang masiguro na pantay-pantay ang pagtubo at magandang tayo ng halaman, ibabad ang buto sa malinis na tubig o di kaya ay ibalot sa malinis at basang damit nang magdamag.
2. Itanim ang buto ng okra sa bahagyang basa na lupa at may bilang na 2-3 buto kada butas, may distansya na 30 sentimetro at may lalim na 2-5 sentimetro.
3. Maghulip ng mga di tumubong buto pagkalipas ng 3 araw pagkatubo.

### Pagpapatubig

Ang tubig ang nagtatakda ng dahilan sa produksyon ng halaman.



1. Patubigan o diligan ang halaman palagi kung ang lupa ay tuyo at ang halaman ay nagpapakita ng sintomas ng pagkalanta.
2. Gumamit ng patubig sa pamamagitan ng mga tudling kung kaya sa looban ng 7-14 araw depende sa klase ng lupa at panahon.
3. Kung tatlo ang tumubo na halaman, alisin ang isa at magtira lamang ng dalawang puno kada butas.
4. Pagkalipas ng 15 araw, alisin ang mga bansot at may sakit na halaman.

### Paglilinang at Pag-aalis ng Damo

1. Sungalin ang pagitan ng bawat halaman pagkalipas ng 15 araw pagkatubo ng mga buto para maiwasan ang damo. Paalala lamang na dapat huwag masyadong malapit sa puno ng halaman.
2. Pagkalipas ng 15 araw pagkasungal, muling ibalik ang lupa para matabunan ang puno ng halaman.
3. Bunutin ang mga natitirang damo sa pagitan ng mga halaman.

### Pangangalaga sa Halaman

Ang okra ay matibay sa mga sira ng insekto at sakit, subalit napakahalaga din na maobserbahan ang bukid na taniman para makasiguro na ligtas sa mga peste at sakit ang halaman.



Atangya o Cotton stainer



Ngusong kabay o leaf hopper



Dapulak o aphids



Cercospora leaf spot

Ang mga peste ng okra ay dapulak, ngusong kabayo, *cotton stainer* at mambibilot ng dahon samantalang ang pinakamadalas na sakit naman ay batik-batik sa dahon sanhi ng *Cercospora.*

| Peste/Insekto | Paraan ng Pagkontrol |
|---|---|
| Ngusong Kabayo | Diligan ng 2 beses sa 1 linggo ang taniman |
| Cotton Stainer at Mambibilot | Kolektahin ang mga ito pati na rin ang mga itlog nito at sunugin o ilibing. Maaari ring mag-isprey ng mga botanikal na *insecticides* tulad ng kinatas na bawang. |